# RITMO NG WIKA

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Sa bawat pantig ng wikang Filipino ay sumasayaw ang kasaysayan, sumisigaw ang paninindigan, at bumubulong ang diwa ng ating pagka-Pilipino. Ngunit sa panahong unti-unting isinisiksik sa mga silid-aralan ang banyagang wika bilang pamantayan ng talino, nasaan na nga ba ang ating sariling tinig? Sa likod ng makakintab na salita ng globalisasyon, unti-unti na bang nabubura ang ating pagkakakilanlan?

Sa asignaturang Filipino, hindi lamang natututo ang mga mag-aaral ng balarila at panitikan. Dito nila muling natutuklasan ang ugat ng ating pagkatao—ang mga kwento ng ating mga ninuno, ang panawagan ng mga makata, at ang alingawngaw ng mga bayaning lumaban gamit ang sariling wika. Sa klasrum, sa isang simpleng talakayan tungkol sa nobela ni Jose Rizal o sanaysay ni Francisco Balagtas, muling nabubuhay ang apoy ng ating kultura.

Sa bawat pagtalakay sa mga akda ng ating mga manunulat, tila isang paanyaya ito na muling sumilip sa salamin ng ating kasaysayan. Isang kasaysayang hindi palaging masaya, ngunit puno ng tapang, sakripisyo, at paninindigan. Sa asignaturang Filipino, nabubuksan ang mga mata ng kabataan sa mga isyung panlipunan tulad ng kahirapan, diskriminasyon, at kawalang-katarungan. Mga temang pilit pinipikit ng ilang sistemang nais manatiling dominante sa lipunan. Sa pagitan ng bawat pahina ng aklat, bawat kabanata ng nobela, bawat taludtod at saknong ng tula at sa bawat pantig ng haiku at tanka, natututo tayong hindi lamang bumasa kundi magsuri, hindi lamang tumanggap kundi magtanong.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngunit sa paglipas ng panahon, tila unti-unting binabawasan ang puwang ng Filipino sa ating edukasyon. Noong 2019, naging laman ng mga pahayagan ang desisyong alisin ang Filipino bilang core subject sa ilang antas sa kolehiyo, alinsunod sa CHED Memorandum Order No. 20. Bagama't pansamantalang ipinahinto ng Korte Suprema ang pagpapatupad nito, hindi maikakaila ang masalimuot na usapin sa likod ng desisyong ito, isang tanong ng halaga, pagkakakilanlan, at paninindigan.

Ayon sa mga pag-aaral ng Tanggol Wika, ang pagtanggal o pagbawas sa asignaturang Filipino ay hindi simpleng isyung akademiko; ito ay tahasang paglalagay sa bingit ng panganib ng ating pambansang wika. Kapag ang isang lipunan ay tinanggalan ng sariling wika sa espasyo ng karunungan, tinatanggalan din ito ng kakayahang mag-isip at makadama ayon sa kanyang sariling konteksto.

Ngunit sa kabila ng mga banta, nananatiling matatag ang mga guro, manunulat, at mambabasa na pinipiling itaguyod ang Filipino hindi lamang bilang asignatura, kundi bilang adhikain. Araw-araw, sa mga pampublikong paaralan, sa ilalim ng mga kisame at pisara, may mga batang natututong gumamit ng wika hindi lang para makapasa sa pagsusulit kundi para maipahayag ang kanilang mga pangarap, saloobin, at adhikain.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi lamang ito isyu ng wika, kundi isyu ng pagkatao. Ang pagtuturo ng Filipino ay pagtuturo ng pagmamalasakit sa kapwa, ng pag-unawa sa kasaysayan, at ng paninindigan sa harap ng pagbabago. Sa panahong halos lahat ay mabilis, digital, at banyaga, ang Filipino ay paalala na may sarili tayong ritmo, damdamin, at anyo ng karunungan na hindi kailangang humiram ng dayuhang anyo para lamang mapansin.

Sa tulong ng asignaturang Filipino, nabubuo ang kritikal na isipan at makabayang puso, dalawang bagay na higit na kailangan ng kabataang Pilipino sa panahong ito ng impormasyon at disimpormasyon. Ang wikang sarili ang siyang nagbibigay daan upang maunawaan hindi lamang ang mundo, kundi ang sarili sa loob ng mundong ito.

Kaya't sa gitna ng pagbabago ng kurikulum, pag-usbong ng teknolohiya, at patuloy na pag-globalize ng edukasyon, kailangang muling igiit na ang Filipino ay hindi lamang wika ng tahanan, ito rin ay wika ng kaalaman, ng paglaya, at ng pagkabansa. Sapagkat kung tayo mismo ang tatalikod dito, sino pa ang magpapatuloy sa kwento ng ating lahi?

Ang tanong ngayon ay hindi kung kailangan pa ba ng Filipino bilang asignatura. Ang tanong ay, handa ba tayong mawala ang sarili nating tinig sa gitna ng malalakas na tinig ng mundo? Sa huli, ang wikang Filipino ay hindi lamang asignatura, ito ay sandigan, tagapagtanggol, at saksi sa ating pagkatao bilang isang bayang may sariling dangal.

*References:*

https://angtagapagmulat.wordpress.com/2013/06/19/wikang-filipino-ipagtanggol-itaguyod/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan